

Mula sa Pagkakawalay tungo sa
Pagiging Kabilang

WARM-UP

- Ibahagi ang isang kuwento na nagpapakita kung paano ka makipag-kaibigan.
- Ikaw ba ay kabilang o dating kabilang ng isang organisasyon sa iyong paaralan? Bakit ka sumali sa organisasyong ito?
- Magkuwento tungkol sa isa sa mga pinakamatalik mong kaibigan. Paano kayo nagkakilala at naging magkaibigan?

WORD

¹⁹Kaya kayong mga hindi Judio ay hindi na mga dayuhan o taga-ibang bansa, kundi kaisa na ng mga pinabanal at kabilang sa pamilya ng Diyos. ²⁰Tayong mga mananampalataya ay katulad ng gusali na ang mga haligi ay ang mga apostol at mga propeta, at ang pundasyon ay si Cristo Jesus. ²¹Sa pamamagitan ni Cristo, ang lahat ng bahagi ng gusali ay nagkakaugnay-ugnay at nagiging isang banal na templo ng Panginoon. ²²At dahil kayo ay nakay Cristo, bahagi na rin kayo nitong gusaling itinatayo, kung saan nananahan ang Diyos sa pamamagitan ng kanyang Espiritu.

MGA TAGA-EFESO 2:19-22

(Basahin din ang **MGA TAGA-EFESO 2:11-18.**)

Si Jesus ay isinakripisyo sa krus bilang bahagi sa plano ng Diyos na iligtas ang sanlibutan mula sa kamatayan at pagkakahiwalay sa Diyos na dulot ng ating mga kasalanan. Ang sakripisyong ito ang naging paraan upang tayo ay hindi na malayo sa Diyos, magkaroon ng relasyon sa Kanya, at makabalik sa Kanya. Ngayon, titignan natin ang ginawa ni Cristo na naglapit sa atin sa Kanya at kung paano tayo naging bahagi ng pamilya ng Diyos.

1 Tayo ay nabuhay ng walang Diyos.

Alalahanin din ninyo na noon ay hindi pa ninyo kilala si Cristo; hindi kayo kabilang sa mga mamamayan ng Israel at hindi sakop ng mga kasunduan ng Diyos na batay sa mga pangako niya. Namumuhay kayo sa mundong ito ng walang pag-asa at walang Diyos. MGA TAGA-EFESO 2:12

Dahil sa kasalanan, nawalay tayo mula kay Cristo. Tayo ay hindi kabilang sa mga mamamayan, hindi sakop ng mga pangako, walang pag-asa, at walang Diyos. Hindi kayang palagpasin o pabayaan ng Diyos ang anumang kasalanan, gaano man ito kaliit o kalaki sa ating pananaw. Siya ay banal at walang anumang hindi matuwid sa Kanya (Salmo 92:15). Wala tayong magagawa sa ating sitwasyon, subalit may magagawa ang Diyos, at ginawa Niya nga ito. Sino ang tanging daan tungo sa Ama (Juan 14:6)?

2 Tayo ay napalapit sa Diyos dahil kay Cristo.

Ngunit kayo ngayon ay na kay Cristo na. Malayo kayo noon sa Diyos, pero ngayon ay malapit na kayo sa kanya sa pamamagitan ng dugo ni Cristo. MGA TAGA-EFESO 2:13

Ang walang kapintasang sakripisyo ni Jesus ang nagdala sa atin palapit sa Diyos. Noong wala tayong magawa sa ating mga sitwasyon at hindi natin kayang makipag-usap sa Diyos, si Jesus ay gumawa ng paraan upang makatawag tayo sa Kanya. Sa pamamagitan ni Jesus, tayo ay *may daan patungo sa Ama*. Ayon sa Mga Taga-Roma 8:38,39, mayroon bang makapaghihiwalay sa atin sa pagmamahal ng Diyos na nakay Jesu-Cristo?

3 Tayo ngayon ay kabilang sa pamilya ng Diyos.

Kaya kayong mga hindi Judio ay hindi na mga dayuhan o taga-ibang bansa, kundi kaisa na ng mga pinabanal at kabilang sa pamilya ng Diyos. MGA TAGA-EFESO 2:19

Hindi lamang tayo iniligtas ni Jesus Cristo sa ating mga kasalanan, ginawa rin Niya tayong bahagi ng pamilya ng Diyos. Hindi nais ng Diyos na tayo ay mamuhay nang mag-isa sa bagong buhay na ito, kung saan Niya tayo tinawag. Nang tayo ay mapalapit sa Diyos, naipagkasundo rin tayo sa iba, dahil kay Cristo, tayo ay sama-samang itinatayo upang maging templo ng Diyos—ang Kanyang Iglesya. Balikan ang pagkakataon kung kailan ka naging bahagi ng pamilya ng Diyos. Sino ang tumulong sa iyo na lumago sa relasyon mo sa Kanya at sa iglesya?

APPLICATION

- Naniniwala ka ba na ikaw ay napalapit sa Diyos at naging kabilang ng Kanyang pamilya bilang Kanyang anak? Paano ka matutulungan ng sakripisyo ni Jesus upang maunawaan at matanggap ang pagkakakilanlan mo bilang anak ng Diyos?
- Ngayon na ikaw ay kabilang sa pamilya ng Diyos, sino ang kasama mong mamuhay? Paano lalago ang pagpapahalaga mo sa komunidad ng iglesya ngayong alam mong si Cristo ang nagtatag nito?
- Mayroon ka bang kapamilya o kaibigan na nangangailangang maka-alam sa kagustuhan ng Diyos na sila ay mapalapit sa Kanya at maging Kanyang mga anak? Paano mo maibabahagi ngayon ang pagmamahal ng Diyos?

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang pagmamahal sa iyo na ipinakita Niya sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Ipanalangin na hindi mo isapagwalang-bahala ang pagkakakilanlan mo bilang Kanyang anak.
- Ipanalangin ang mga taong inilagay ng Diyos sa buhay mo. Ipanalangin na kayo ay makapagbigay ng lakas ng loob sa isa't-isa habang kayo ay lumalago kay Cristo.
- Ipanalangin na habang ikaw ay lumalago, makita ng iyong mga kaibigan at kapamilya ang buhay mo bilang isang patotoo ng kabutihan ng Diyos. Ipanalangin na magbukas ito ng mga pagkakataon upang maipangaral mo ang ebanghelyo sa kanila.

NOTES



VICTORY

© 2018 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph